

IRR ng RA 11032, epektibo na

August 5, 2019 – Makalipas ang labinlimang araw simula nang mailathala ang *Implementing Rules and Regulations (IRR)* ng R.A. 11032 o ng *Ease of Doing Business and Effective Government Service Delivery Act of 2018* sa dalawang pambansang sirkulasyon na diyaryo ay ganap nang epektibo noong ika-4 ng Agosto ang mga probisyon at regulasyon na nakapaloob dito.

Matatandaang wala pang dalawang linggo simula nang maitalaga ni Pangulong Rodrigo Duterte si Atty. Jeremiah B. Belgica bilang Director General ng Anti-Red Tape Authority nang pirmahan niya kasama nina Department of Trade and Industry Secretary Ramon M. Lopez at Civil Service Commission Chairperson Alicia dela Rosa Bala ang IRR ng R.A. 11032 noong ika-17 ng Hulyo. Matapos lamang ang tatlong araw noong ika-20 ng Hulyo ay agad naman itong nailimbag sa Philippine Star at Manila Bulletin.

Ano ang ibig sabihin nito para sa taumbuyan at sa mga kawani ng gobyerno?

Ngayon na epektibo na ang IRR, mas malakas na ang kaso laban sa mga lalabag sa batas dahil malinaw na ang mga nakasaad na probisyon laban sa *red tape* o anumang bagay na nagpapabagal at nagiging sagabal sa pagproseso ng mga dokumento ang mga transaksyon sa gobyerno.

Ibig sabihin din nito, mas may gabay na ang mga ahensiya ng gobyerno sa pag-*streamline* o pagsasa-ayos at pagpapabilis ng mga proseso at sistema dahil maglalabas din ang ARTA ng kaukulang *guidelines* sa iba't-ibang aspeto ng serbisyo publiko gaya ng paggawa ng *Citizen's Charter*, pagtaguyod ng mekanismo para sa *Report Card Survey*, at paglalabas ng gabay sa *Reengineering*.

Ang panawagan ng ARTA

Malinaw ang panawagan ng ARTA: tumalima kayo sa batas.

Isa sa mga pinakasikat na probisyon ng batas ay ang 3-7-20 o ang *Prescribed Processing Time* kung saan dapat ang lahat ng proseso ng gobyerno ay hindi lalapas ng 3 araw para sa mga simpleng proseso, 7 araw para sa mga kumplikado, at 20 araw para sa mga proseso na nangangailangan ng teknikal na pagsusuri.

Lahat ng ahensiya ng gobyerno ay dapat i-kategorya na ang lahat ng kanilang serbsiyos.

Sa pamamagitan din nito ay dapat na ding mapabilis ang kanilang mga sistema. Pangungunahan ng ARTA ang pagbuo ng *Regulatory Management System* upang matulungan ang mga ahensiya sa paggawa at pagsasaayos ng kanilang mga pinapatupad na regulasyon na siyang magpapabilis ng mga transaksyon sa gobyerno.

Dapat na ding maglabas ng kaukulang *Citizen's Charter* kung saan i-dedetalye ng mga ahensiya ang lahat ng serbisyo na kanilang dinadala. Dapat nakasaad din dito kung gaano katagal, kung

magkano ang pagpoproseso, sino ang responsable, at kung ano ang mga kailangang dokumento sa isang serbisyo.

Maglalabas ang ARTA ng opisyal na *Citizen's Charter guidelines* ngayong Agosto na dapat ay gamitin ng mga ahensiya sa pagsagawa ng bagong *Citizen's Charter* na kailangan nilang isumite pabalik sa ARTA sa loob ng 90 *working days*.

Hindi na rin ligtas sa IRR ng R.A. 11032 ang mga kawani ng gobyerno na nagdudulot ng *red tape*. Dahil tinukoy na sa IRR ang mga detalye ng paglabag at mga kaukulang parusa nito, mas madali nang maaasikaso ng ARTA ang mga reklamong idudulog ng taumbayan sa aming tanggapan.

Babala sa mga fixer

Bumuo ang ARTA ng *Special Task Force* kasama ang ilang ahensiya ng gobyerno upang puksain ang mga *fixer* na talamak sa madaming ahensiya ng gobyerno.

Nanawagan ang ARTA sa mga pinuno ng mga ahensiya na linisin na ang kanilang mga bakuran at huwag nang hintayin ang ARTA na puntahan sila.

Ngayong epektibo na ang IRR, ganap na ang kapangyarihan ng ARTA na magpataw ng kaparusahan sa kung sinuman ang patuloy na magsusulong ng *red tape* sa gobyerno.

Bawal ang sagabal sa pag-unlad

Ang ARTA ay kakampi ng mga taumbayan at ng mga ahensiya ng gobyerno na nais isulong ang kalidad ng serbisyo sa publiko. Subalit, kami ay hindi mag-da-dalawang isip na ipatupad ang mandato ng batas na mag-multa at magpa-kulong ng mga kawani ng gobyerno na magiging sagabal sa pagputol naming ng *red tape*.

Kami ay handang magbigay ng aksyon na may solusyon dahil naniniwala ang ARTA sa pangarap ng Pangulo para sa isang komportable buhay para mamamayang Pilipino.

[END]

